



# Pag-alis sa Australia

Sa pahinang ito

[Mga hindi mamamayan](#)

[Mga may-ari ng pansamantalang visa na uuwi na](#)

[Mga Australyano at permanenteng residente](#)

May ipinapatupad ang Australia na mahihigpit na hakbang para protektahan ang kalusugan ng komunidad sa Australia. Mayroon lamang mga napakalimitadong flight ang kasalukuyang available papunta at paalis ng Australia at maaaring hindi ka makapagbiyahe sa ngayon. Tingnan ang: [pahayag sa media ng Pambansang Gabinete](#).

Ipinag-uutos sa lahat ng biyaherong dumarating sa Australia, kabilang ang mga mamamayang Australyano, na magkwarantina sa loob ng 14 na araw sa isang itinalagang pasilidad, tulad ng hotel, sa lugar kung saan sila dumating. Tingnan ang [Payo sa mga biyahero kaugnay ng Coronavirus \(COVID-19\)](#). Maaaring kailanganin mong bayaran ang mga gastusin sa iyong kwarentina. Para alamin pa ang mga kinakailangan sa kwarentina, makipag-ugnayan sa angkop na [kagawaran ng kalusugan ng gobyerno sa estado o teritoryo](#).

## Mga hindi mamamayan

Dahil sa kasalukuyang sitwasyon sa Australia dahil sa COVID-19, kabilang ang mga paghihigpit sa hangganan ng estado at teritoryo, mga pagsasara ng negosyo at mga kailangan sa social distancing, hinihikayat ang lahat ng internasyonal na bisita na umalis kung posible itong gawin.

Kailangang alam ng mga may-ari ng pansamantalang visa na kung gusto nilang bumalik sa Australia habang ipinapatupad ang mga paghihigpit kaugnay ng COVID-19, karaniwang kakailanganin nila ng pahintulot sa pagbibiyaha. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Pahintulot ng Komisyoner, tingnan ang [Pagpunta sa Australia](#)

## Mga may-ari ng pansamantalang visa na uuwi na

Maaaring gumawa ng mga pag-aayos ang mga may-ari ng pansamantalang visa na apektado ng COVID-19 para makauwi sa kanilang bansang pinanggalingan, kung pinapayagan ng mga paghihigpit sa hangganan ng bansang iyon.

Hindi na kailangan ng mga may-ari ng pansamantalang visa ang pahintulot para umalis sa Australia. Puwede silang umalis anumang oras, hangga't pinapayagan sila ng mga paghihigpit sa hangganan ng kanilang bansang pinagmulan na makauwi.

Tandaang patuloy na nagbabago ang sitwasyon kaugnay ng COVID-19.

Tingnan kada linggo:

- mga paghihigpit sa hangganan
- availability ng mga flight.

Available ang mga komersyal na flight sa maraming pangunahing paliparan sa buong Australia. Kasalukuyang nagsasagawa ang mga airline na ito ng mga flight paalis sa Australia.

Kabilang sa mga airline na may flight ang: [AirAsia](#) | [Air New Zealand](#) | [China Airlines](#) | [China Southern Airlines](#) | [Emirates](#) | [Malaysia Airlines](#) | [SriLankan Airlines](#) | [Qatar Airways](#) | [United](#)

Maaari mo ring hilingin na malaman kung may anumang flight na pribado o pagpapabalik ng gobyerno na papunta sa iyong bansang pinanggalingan.

Kasalukuyang nagsasaayos ng mga flight ng pagpapabalik ang India.

Kung gusto mo ng karagdagang tulong para makauwi, puwede kang makipag-ugnayan sa inyong [embahada o konsulado](#) sa Australia.

Puwede mo ring [iparehistro ang iyong mga detalye](#).

Ibibigay namin ang iyong impormasyon sa Kagawaran ng Ugnayang Panlabas at Kalakalan, na maaaring magbigay ng impormasyong ito sa gobyerno ng iyong bansa (maaaring sa ibayong-dagat o kinakatawan ng embahada, konsulado o Mataas na Komisyon sa Australia).

Para lamang sa mga may-ari ng pansamantalang visa ang serbisyong ito.

## Mga Australyano at permanenteng residente

Kung isa kang mamamayang Australyano o permanenteng residente, hindi ka puwedeng umalis sa Australia dahil sa mga paghihigpit kaugnay ng COVID-19 maliban kung mayroon kang pahintulot. Puwede kang [mag-apply online](#) ngunit kailangan mo munang matugunan at kahit isa sa sumusunod:

- ang pagbiyahe mo ay bahagi ng pagtugon sa paglaganap ng COVID-19, kabilang ang pagbibigay ng tulong
- mahalaga ang iyong biyahe sa pagsasagawa ng mahahalagang industriya at negosyo (kabilang ang mga industriya ng pagluluwas at pag-aangkat)
- bumibiyahe ka para makatanggap ng kagyat na medikal na gamutan na hindi available sa Australia
- bumibiyahe ka sa kagyat at hindi maiiwasang personal na lakad
- bumibiyahe ka dahil sa mga pakikiramay o makataong batayan.
- para sa pambansang interes ang iyong pagbibiyaha.

Kailangan mong magbigay ng katunayan para sumuporta sa iyong mga kahilingan na maaaring kabilang ang:

- (mga) passport
- (mga) katibayan ng pagpapakasal
- (mga) katibayan ng kapanganakan
- (mga) katibayan ng pagkamatay
- katunayan ng relasyon (halimbawa, kasunduan sa magkasamang pangungupahan, joint bank account, atbp.)
- katunayan na aalis ka papunta sa isa pang bansa nang pangmatagalan tulad ng mga kasunduan sa pag-upa, mga inaalok na trabaho at katibayan na dadalhin ang iyong mga gamit.
- katunayan ng iyong kasalukuyang may bisang visa, kabilang ang sa Australia at/o sa ibayong-dagat
- sulat mula sa isang doktor o ospital tungkol sa anumang medikal na gamutan/kondisyon na may mga pahayag kung bakit kailangan ang pagbibiyaha

- sulat mula sa amo na nagpapahayag kung bakit kailangan ang pagbibiyaha o mahalaga ang ginagawa mong trabaho
- pahayag o katunayan na nagpapahayag kung kailan mo gustong bumalik sa Australia
- anumang iba pang katunayan na mayroon ka para suportahan ang iyong mga kahilingan.

**Kailangang opisyal na isinalin sa wikang Ingles ang lahat ng ebidensiya na sumusuporta sa isang kahilingan para sa pahintulot sa pagbibiyaha.**

**Dapat kang mag-apply ng pahintulot nang hindi bababa sa 4 na linggo, ngunit hindi hihigit sa 3 buwan bago ang iyong naplanong pagbibiyaha.**

**Kung hindi ka binigyan ng pahintulot, hindi mo dapat ituloy ang iyong mga plano sa pagbibiyaha. Kung binigyan ng pahintulot, kailangan mong dalhin ang ebidensiya ng pahintulot na iyon sa paliparan.**

Mayroon kang pahintulot kung ikaw ay:

- karaniwang residente sa isang bansa maliban sa Australia
- airline at maritime crew at mga kaugnay na manggagawa para sa kaligtasan
- mamamayan ng New Zealand na may-ari ng Espesyal na Kategoriya (subclass 444) na visa
- sangkot sa pang-araw-araw na pagsasagawa ng mga papaalis na kargamento
- nauugnay sa mahahalagang gawain sa mga pasilidad ng Australia sa ibang bansa
- bumibiyaha sa opisyal na lakad ng gobyerno, kabilang ang mga miyembro ng Pwersang Tagapagtanggol ng Australia.

Itinuturing kang karaniwang residente sa isang bansa maliban sa Australia kung ipinapakita sa mga rekord ng pandaigdigang paggalaw na gumugol ka ng mas maraming oras sa labas ng Australia kaysa sa loob ng bansa sa loob ng nakaraang 12 hanggang 24 na buwan. Hindi mo na kailangang magdala ng dokumento ng iyong mga paggalaw. Kung kinakailangan, puwedeng suriin ng mga opisyal ng Pwersa sa Hangganan ng Australia sa mga paliparan ang mga rekord ng iyong paggalaw sa mga sistema ng Kagawaran.

Kung hindi ka gumugol ng mas maraming oras sa labas ng Australi kaysa sa loob ng bansa sa loob ng nakaraang 12 hanggang 24 na oras, ngunit itinuturing pa rin ang sarili na isang karaniwang mamamayan ng isa pang bansa, puwede kang magsumite ng kahilingan para sa pahintulot sa pagbibiyaha.

Kakailanganing may kasamang katunayan ang iyong kahilingan, halimbawa:

- mga dokumentong nagpapakita na mayroon kang naitaguyod at tinirahang bahay sa isa pang bansa
- lokasyon ng iyong malalapit na kapamilya
- kontrata sa trabaho para sa trabaho sa labas ng Australia
- pag-eenroll sa paaralan ng mga anak na umaasa
- katunayan ng pinatatakabong negosyo/mga interes sa ari-arian
- katunayan na mayroon kang dalawang nasyonalidad o may-ari ng may bisang visa para sa isa pang bansa
- katunayan na nagpapakita na pansamantala lang ang iyong pag-alis sa isa pang bansa at may balak ka pang bumalik doon.

Kung sa palagay mo ay hindi mo na kailangan ang pahintulot sa pagbibiyaha, puwede mong ipakita ang katunayang ito kapag nag-check in ka sa paliparan. Gayunpaman, kung mayroon kang anumang pagdududa kung sakop ba ng depinisyon ng karaniwang residente ang iyong kalagayan, inirerekomenda naming humiling ka ng pagsusuri nang hindi bababa sa apat na linggo bago ang iyong binalak na pag-alis.